

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[07 June 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good evening my countrymen. Again we continue our weekly talk and still hogging the headlines and, of course, the topic of everybody now is the COVID-19 and the corresponding vaccine that we have expected for a long time, at dumating naman 'yong mga medisina. Hindi sabay-sabay. **Just** yesterday, June 6, we received another 1 million doses of Sinovac. This is a part of the 10 million doses that we expect to receive this month, according to our vaccine coordinator Secretary Carlito Galvez. Coming our way would include Sinovac, Pfizer, AstraZeneca, Sputnik, and Moderna.

Ang problema dito 'yong nabakunahan na except for the one dose I think Johnson & Johnson, wala dito 'yan, 'yong nabakunahan na sa first injection ninyo kailangan kayo ng booster, a second injection. Please find time to go back and line there --- line up and show your card so that they would know that you are receiving the second dose, booster po iyan.

Alam mo ang medisina nitong mga Sinovac, Sinopharm and the rest, dito ngayon --- which are available in the Philippines, they require a second dose, booster. At kayong iisa lang, kulang 'yan. Pakilinya lang ulit for the second dose because ang protection ninyo is not complete without the booster.

Mahirapan talaga akong magkumbinse sa Pilipino, lalo na 'yong matigas ang ulo. Kindly follow instruction. Hindi naman mahirap 'yan eh. You find time at your convenience na bumalik doon pumila at magpabakuna ng tinatawag nilang second booster. Iyon ang magbigay sa inyo ng more or less a good protection. But it does not guarantee that you will not be contaminated unless you observe the protocols of the washing of the hands again and mask and social distancing kasi hindi pa nawala talaga itong COVID-19.

I want the authorities and the LGUs to find out why this is happening and to take steps to return to their --- maimbiyerna sila na madala ng mga barangay captain pati mayors. Kindly help us ferret out the persons who have not received the second booster until now.

Nandiyan 'yong medisina. Pinakahintay natin halos isang taon. Kaya lang naman nagkukulang-kulang talaga 'yong suplay so it took us time to receive our share. But now eh medyo maluwang na ang mundo, nabakunahan na sa Amerika halos lahat, they can afford now to share the residual supply nila sa vaccine.

Pakiano lang kasi itong COVID na ito is a very toxic thing and it can contaminate you again. There is no guarantee --- though it would give you a measure of protection, it does not guarantee that you will not get COVID again. So despite or in spite of your vaccines and boosters, please observe the basic protocol: mask, hugas ng kamay at social distancing. Matatapos rin ito, especially with your cooperation, matatapos ito mas madali.

June 5 - the global community celebrated World Environment Day to promote greater commitment to care for our planet. Sadly, however, the COVID-19 crisis has also given a rise to plastic waste and pandemic. The popularity of delivery of services has produced considerable solid waste such as the delivery of packaging of both food and non-food products. Also, a serious concern is the proper disposal of medical waste. There have been several reports of poor disposal.

Alam mo itong mga medisina na ito eh babaon ito. I remember one time when I was mayor, parang isang nurse diyan lang **sa** Talomo area sa beach, doon siya naghukay doon sa sand at doon niya inilibing. That is not the proper way to do it. You might as well wait for the garbage men to look the garbage and balutin ninyo 'yang mga ano ninyo, mga medisina 'yong naturok na at saka 'yong mga syringe, balutin ninyo, ibigay ninyo sa basurero. Alam nila kung ano na ang gawin nila. So...

Then on June 5, while on a food aid mission in Buenavista, Quezon province, our soldiers were attacked again by the NPA rebels. Kayong mga... Itong mga ano wala na ito, they do not have the ideology. Wala na 'yang silang prinsipyong ulo nila makipag-away. They are there to plunder and to just for the sheer brutality of it all, they want to kill our soldiers. Iyan ang dito napakahirap.

The police and soldiers across the country have been distributing food aid and other needs. At despite the sacrifice of the men and women of the

Armed Forces of the Philippines and the police, still they are the object of itong depredations, attack.

So hindi ko maintindihan itong in a pandemic where everybody is in need of food and everything, sa Bisaya pa, I don't know the Tagalog for the dinadaginot, 'yong --- *[Ano bang dagingot sa Tagalog?]* --- parang pati 'yang mga ganoon na ano maliliit na bagay na hindi dapat gawin, kinakalkal pa rin nila ng away.

So they only have the condemnation of the people, especially from me. Kaya hindi talaga tayo magkaintindihan kailanman. No peace talks can ever succeed under me or under any other president if you do not stop attacking government forces and even civilian leaders.

Iyong mga barangay captain --- ang mga barangay captain is one sector na maraming pinatay ang NPA sa ngayon. Sila ang favorite target, especially itong mga barangay captains na proactive in favor of government. They are always the object of assassination.

Sige lang tutal ang sundalo may mahuli isa, dalawa, magpipiyait (squeal) naman 'yan kung ano, then we would know what to do with you. What you can do, I can do better ten times over. Ang kaya ninyo, kaya kong gawin. So I will --- I would know how to deal with you.

You are insensitive of the plight of the people na kailangan ng pagkain pati tulong ng gobyerno. Hindi kami nagkulang sa tulong, bilyon 'yang amin. Hindi 'yong pichi-pichi, and DILG is doing it the correct way. So nandian 'yong...

But I'd like the soldiers to know and the families of the fallen heroes that the nation is very grateful to you and we would know also how to reciprocate their bravery. Itong lahat na ito, tutal identified man 'yan sila, **tapos** hindi **man** matago eh. Justice will be served sa kanila in the end.

Marami ng bakunang nadating. Do not forget your second dose again. At in **our** drive against corruption, basahin ko na lang rin, baka interesado kayo. Dito sa bagong na-dismiss from the service sa Sandiganbayan:

Joel Salvador, Regional Director, Environmental Management Bureau (EMB), DENR-CAR - violation of the Anti-Graft and Corruption Practices and illegal use of public funds. O malversation ito. Diversion of P758,998.07 allotted for Ecological Solid Waste Management to the rehabilitation and improvement of

the Regional Director's Office and Environmental Information Center in Baguio City in 2003, including the purchase of construction materials without public bidding and ghost delivery.

Itong si ano, Salvador, was sentenced to imprisonment, [six years and one month to 10 years] and the perpetual disqualification from holding public office.

Iyong iba si Perlita Mauri, Budget Officer-EMB, DENR-CAR - diversion of P758,998.07 [allotted] for Ecological Solid Waste Management to the rehabilitation and improvement of the Regional... Ganoon rin, suspended lang sila.

I want the --- I want to review the... I want the records of these cases forwarded to me and I will study. I might amend the order of suspension to dismissal.

Itong si Rolando Reyes, officer-in-charge, Administrative and Finance Division, EMB, DENR-CAR - ganoon rin, dismissal pala talaga 'to, in-amend, modified. They were found guilty under Case No. SB-15-CRM-0099 for the illegal use of public funds penalized under Article 220 of the Revised Penal Code. They were meted with a fine of...

Itong si Rudy Bastica, Forest Ranger/Deputy [Public] Land Inspector - suspension lang, but he appealed. Ito, involving in land titling irregularities. Pagka may malversation, falsification sa documents, that is a crime. They should be --- accordingly. Pero kung tapos na, galing --- kung galing ng Sandiganbayan, if the acquittal or the punishment is given there, hindi mo na magalaw 'yan under the principle of double jeopardy.

Pero uulitin ko, mainit ako dito sa corruption. Marami na kayo. Magsabi ka lang na about 300 of you who were dismissed from government service mayroon na. Hindi ko lang inano. Kung gusto ninyo malaman, makinig kayo dito. But I do not [band?] it just for the sake of humiliating the erring employees. But the problem is the right of the people to know what you have done in your service as a public worker.

Now, we shall begin our discussion. We have on the teleconferencing setup: Dr. Domingo; Karlo Nograles, Bendigo Nograles; si Sal. Dito sa ngayon, dito sa kuwarto na ito: we have Secretary Francisco Duque; Secretary Carlito Galvez Jr.; Director General Enrique Domingo; Secretary Año; Hermini --- Herminio --- Herminio ka pala? Harry Roque.

And let us begin, makinig kayo, ito 'yong ---- [Ano bang hulagway sa Tagalog ha?] --- ito 'yong big picture ng operation ng gobyerno in the fight against COVID. We must begin, always, with the weapon with which to fight COVID. Walang iba kung 'di bakuna.

So let us start with Secretary Duque and tell us more about what you intend to do in the days to come moving forward.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Thank you very much, Mr. President. And good evening to Senator Bong Go, the chairman of the Senate Committee on Health and Demography; my fellow members of the Cabinet and principals of the Inter-Agency Task Force; at higit po sa lahat sa atin pong mga kababayan, magandang gabi po sa ating lahat.

At muli, ako po ay magbibigay ng maikling ulat ukol po sa ating COVID-19 situation at iba pa pong mga kaakibat na mga updates.

[*Next slide, please.*]

Ngayon pong ika-7 ng Hunyo, 2021 mayroon naman po tayong nadagdag na 6,539 na bagong kaso.

[*Can I just request that you --- the slide prior to this? Can you do one slide back, please? Iyan po. Salamat po.*]

Sa 6,539 na naidagdag sa ating mga kasos as of June 7, ang 1,049 po ay mula naman sa Region IV-A, ito po ang pinakamataas na porsyento ng ating COVID cases for today, ang Region IV-A; sunod naman po ang NCR, nagtala ng 809. Ito po sana ay patuloy pang bumaba at maabot po natin 'yong pre-surge level ng NCR which was less than 400 cases per day. Six hundred ninety-two (692) naman po mula sa Region VI. Diyan po tumataas lalo na po ang ating --- ang Iloilo City, nakapagtala po nang tumataas na kasos ng COVID, at 3,989 sa mga natitirang mga rehiyon.

Para naman sa ating mga aktibong kasos, ang bilang ngayon ika-7 ng Hunyo ay nasa 58,854. May naidagdag na 6,659 active cases, at ito po ay ang katumbas 4.61 percent. At ang sa kabilang dako, ang ating recoveries naman po, nandoon po sa may kulay green ay umabot na po sa 1,195,181. May naidagdag po tayong recovery of 6,969 for a recovery rate of 93.67. Habang ang bilang o ang bilang ng pumanaw --- nakakalungkot po ito --- ay umabot na sa 21,969, at ang ating kabuuang case fatality rate ay nananatiling nasa 1.72 percent.

At para sa mga Pilipinong may edad 50 to more than 80 years of age, ang case fatality rate ay 5.44 percent. Napakataas po ito, halos sampung doble nung case fatality rate ng may edad less than 1 to 49 years of age na nasa 0.42 percent lamang ang case fatality rate. Kaya ito rin ang dahilan kung bakit paulit-ulit natin sinasabi na uunahan ang mga matatanda sa atin pong vaccination program.

[Next slide, please.]

Nitong nakaraang linggo naman, patuloy ang nakikita nating bahagyang pagtaas ng mga kasos nationally. Nakikita po natin 'yong case plateau, nakita starting May with cases potentially on the rise by the end of May.

At diyan po sa slide na 'yan, makikita rin natin ang NCR --- iyong kulay blue --- ay paliit nang paliit ang bahagi na ito bilang porsyento ng pagkalahatang caseload. At ang ating region... Ito pong kulay blue, parang green, teal color, ito po 'yong Region IV-A at nakikita din natin nagpa-plateau ang mga kasos. At ang Region VI --- ayan po, iyong kulay violet sa baba ay nakikita natin unti-unting tumataas na ang bilang ng mga kasos sa naturang rehiyon.

[Next slide.]

Saan nanggaling ang mga pagtaas ng mga kasong ito? Bahagyang bumababa ang kasos sa NCR and the rest of Luzon sa nakalipas na pitong araw kung saan nasa isang libo ang average na kasos sa NCR. Ito po 'yong blue line --- ayan makikita natin, noong nakaraang linggo, May 31 to June 6, mas mababa sa 1,125 na kasos noong linggo bago rito.

Nasa 821 ang average na kasos sa Plus areas ng NCR. Ito po 'yong green line, makikita natin itong nakaraang linggo mas mababa sa 967 noong linggo bago nito. Ganoon din sa rest of Luzon na represented by the red line na may 1,931 average na kasos nitong nakaraang linggo at mas mababa po sa 2,084 noong linggo bago nito.

Sa kabilang dako, patuloy na nagpapakita ng pagtaas ng kasos sa Visayas and Mindanao kung saan mas mabilis ang pagtaas nitong nakaraang linggo sa Visayas habang ang Mindanao ay malapit na sa bilang ng rest of Luzon. So iyan pong slide na 'yan ang Mindanao, iyong kulay orange nakikita natin ay tumataas po ito.

Ito pong kulay pula --- [*Hindi lang gumagana kasi ito eh.*] --- ang makikita lang po natin iyan po 'yong Luzon, excluding NCR Plus. Tapos iyon pong Mindanao, iyan po 'yong dilaw na nakikita natin diyan sa mga linya, at iyan po binabantayan natin, tinututukan po natin ito. Ang Visayas, ito po 'yong

kulay teal --- blue green. Tapos ang NCR po, iyan po 'yong kulay blue, iyang pinakamataas tapos bumagsak na, nagpapakita na malaki ang ibinaba ng kaso sa NCR mula doon po sa peak noong first week of April.

Para naman sa ating national healthcare utilization rate, nakakita tayo ng bahagyang pagtaas. Mula 48 percent, nasa 50 percent ang national HCUR nitong nakaraang linggo kung saan tumaas ang utilization rate ng isolation beds - +2 percentage points; ICU beds - +1 percentage point; at mechanical ventilators - +2 percentage points; habang nananatili ang utilization rate ng ward beds sa 49 percent.

Pero malaki po ang ibinaba ng pangkalahatang utilization rate natin kung ihahambing po iyong June 5 figures compared sa peak noon pong April 13 to 15. So, halimbawa, ang overall healthcare utilization rate na nag-peak noong 54 percent, bumaba na po ito ngayong June 5 at 50 percent. So mayroon pong improvement na 4 percentage points.

Sa kasalukuyan, Mr. President, nakakapagbigay na tayo ng halos 6 na milyong doses na bakuna sa COVID-19, at mayroon na tayong higit sa isa't kalahating milyong indibiduwal na may kumpletong proteksyon ng bakuna. Mamaya po ibibigay ng ating vaccine czar, si Secretary Galvez, ang detalye ng atin pong accomplishment patungkol po sa ating national vaccination rollout.

Kahapon ay dumating na rin sa bansa ang isang milyong karagdagang doses ng bakuna mula sa Sinovac na agad nating ipinamahagi sa mga rehiyon at implementing sites upang agad din makamit ng ating mga kababayan ang proteksyon mula sa COVID-19. Isinagawa rin ngayong araw ang simbolikong pagbabakuna ng mga miyembro ng priority group for A4 o ang mga economic frontliners.

Maraming maraming salamat po, Mr. President, sa --- for gracing the occasion this morning. It was well-received and many people were very happy to see you addressed the different captains and kings of the industries who were represented in our symbolic vaccination of A4 priority group. Maraming salamat po muli.

Ang ating laban sa COVID-19 ay hindi lamang usapin ng kalusugan kung hindi usapin din ng ekonomiya kaya't kritikal ang paghahatid ng proteksyon ng atin pong mga workforce. Ngunit patuloy po ang ating panawagan sa lahat ng miyembro ng priority groups A1, A2, A3, at A4 na magpalista na upang makatanggap ng bakuna dahil magiging ganap lamang ang kaligtasan ng ating bansa kung ang lahat ay protektado.

Sa puntong ito, ibig ko rin pong bigyang- diin na hangga't sa maaari at kakayanin ay dahil limitado pa rin po ang bakunang atin pong natatanggap, nananawagan po tayo sa ating mga local chief executives na bigyan prayoridad sa A4 iyon pong may edad na 40 --- 49 --- ah no, 40 years of age to 59 years of age, at hangga't sa maaari sila po ay uunahin within the economic frontliner priority group.

At ito na lang po ang panghuling atin pong ulat. Kasabay ng ating --- [Next slide, please.] --- kasabay po ng ating malawakang pagbabakuna, tiningnan din natin ang lagay ng ibang bansa, partikular ang kanilang pagluwag ng mga quarantine at testing protocols para sa mga fully- vaccinated individuals. At sa amin pong pagsasaliksik, aming nakita rin na ang mga bansa na gumawa nito ay, una, may mataas na bahagi ng populasyon na fully vaccinated tulad ng Seychelles, Israel, USA, and UK. Halos lampas 50 porsyento ng kanila pong populasyon ang bakunado na po at protektado.

Ikalawa po, may mababang daily new cases per million, tulad ng Iceland at Hong Kong. O may malakas na contact tracing at quarantine capacity tulad ng Thailand at Korea. At muli, kami po ay nananawagan, sa ngalan ng IATF at ng NTF, na paigtingin pang lalo ang atin pong mga contact tracing activities sa mga pamahalaang lokal sa kanila pong paggabay sa kanilang mga komunidad para matukoy kaagad nang mabilisan sino ba 'yong mga exposed at madalian pong ma-isolate or ma-quarantine para hindi na po magtuloy-tuloy ang hawaan at maputol ang kadena ng hawaan at madurog ang mga pagkokumpol-kumpol ng mga COVID cases.

Dahil dito, patuloy naman namin itong pinag-aaralan kasama ang IATF kabilang ang Department of Tourism for fully-vaccinated tourists, at Department of Information and Communications Technology para sa pagbuo ng mekanismo upang ma-validate ang vaccination status ng iba pang mga vaccinated individuals na papasok sa bansa.

Malapit na po ito ilalabas ng IATF matapos magrekomenda ang atin pong Technical Advisory Group of experts. Pag-aaralan din namin ito kasama ang ating mga All Expert Group upang makabuo tayo ng updated pathways at makapagtakda tayo ng specific indicators o mga panukatan na magsasabing handa na tayong magluwag para sa mga fully-vaccinated Filipinos and tourists.

Sa ngayon, ang pinayagan po lamang ng IATF ay ang pagluluwag ng quarantine requirement mula 14 days to seven days para sa mga indibiduwal na nakakuha na ng kumpletong doses ng bakuna dito sa ating bansa. Sila po ang mga lumabas na ng bansa matapos mabakunahan at nagbabalik muli.

Sa kabuuhan po, Mr. President, the final slide, ito po ang pangunahing --- panghuling mensahe: una, ang **mga** kasuotan sa ating bansa ay nagpapakitang muli ng pagtaas mula sa --- pa noong Huwebes ng nakaraang linggo. Ikalawa po, ang mga naitalang kasuotan sa Mindanao ay nahigitan na ang mga naitalang kasuotan sa NCR. Atin din binabantayan ang mga kasuotan sa ilang nalalabing bahagi ng Luzon.

Ikatlo, dahil sa limitadng bilang ng COVID-19 beds, nagdudulot ng high at critical risk ang maliliit na pagtaas sa utilization rate. Muli, aming hinihihikayat o inuudyok ang mga ospital sa mga nasabing rehiyon na maglaan ng mas maraming ICU, isolation, and ward beds pati mechanical ventilators.

At ito naman ang financing aspect ng PhilHealth, sila po ay nakapagdesisyon na bilisan ang reimbursement o ang bayad ng mga claims mula po sa mga ospital na nag-aasikaso at kumakalinga ng malaking kasuotan ng COVID-19.

Ang PhilHealth po ay naglabas ng bagong payment mechanism. Ito po iyong debit-credit payment mechanism, accelerated payment for claims beginning March 2020 up to April of this year. Sinusuportahan ng Kagawaran ng Kalusugan ang pag-update ng quarantine at testing protocols para sa mga fully-vaccinated individuals. Ngunit bago natin gawin ito, kinakailangan natin siguraduhin na, number one, mataas na ang porsyento ng mga fully vaccinated na Pilipino; pangalawa, bumalik na tayong muli sa pre-surge level sa pamamagitan nang malakas na pagpapatupad ng atin PDITR strategies, ito po 'yong prevention, early detection, aggressive isolation, improved treatment, and reintegration, at vaccination, bilang po karagdagang pamamaraan upang makapagbigay ng sapat na proteksyon laban sa COVID-19.

Mayroon tayong teknolohiya upang ma-validate. Kinakailangan po itong teknolohiya na ito para ma-validate ang vaccination status ng mga

paparating na indibiduwal galing po sa ibang bansa lalo na ang mga taong hindi rito nabakunahan.

So ito na lang po ang akin pong pinakahuling bahagi ng ulat. Mr. President, maraming salamat at handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Duque. Secretary Año?

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President, my fellow public servants. *[Please put my slide.]* Ah wala na po akong ulat sa ayuda sapagkat tayo po ay 100 percent na na naipamahagi na po natin ang mga ayuda.

Tulad po nang inulat natin noong nakaraang linggo, naglabas po tayo ng joint memorandum circular ang DILG, DOJ at PNP na naglalatag ng responsibilidad ng tatlong ahensyang ito sa pagproseso ng mga naiuulat na mga insidente ng paglabag sa iba't ibang health and safety ordinances, quarantine-related violations, at iba pang violations sa panahon ng public health emergency.

Sa JMC na ito, layunin ng DILG, DOJ at PNP na maging malinaw para sa mga tagapagpatupad ng batas sa lebel ng LGU at ng PNP ang kanilang mga responsibilidad sakaling may mga mahuhuling lalabag sa ating public health and safety protocols.

Lahat ng pagpapatupad at panghuhuli ay dapat batay sa direktiba ng Pangulo, mga kasalukuyang batas, Revised Penal Code, IATF Omnibus Guidelines, at ordinansa ng mga LGUs. Magtatalaga **nang** sapat na holding area para sa mga violators upang maiwasan ang hawahan. Sundin ang rules of criminal procedure sa mga warrantless arrest at uusigin ang LGU at barangay officials na hindi magpapatupad ng mga kautusan ng batas.

Layunin din ng JMC na ito na mapabilis at maging mas sistematiko ang pagproseso ng mga kasong isusumite sa piskalya upang agad na maaksyunan at maparusahan ang mga mapapatunayang lumabag at agad din namang mapalaya at mapatunayang walang sala upang maiwasan ang congestion sa ating mga piitan at detention facilities.

[Next slide, please.]

Dito naman po sa mga violations ng health protocols, ayon po sa nakalap na datos ng ating Philippine National Police, tumaas ang mga nahuhuling hindi nagsusuot ng face mask, limampu't libo --- 50,021; habang bumaba naman ang kaso ng mass gatherings, 613; at kawalan ng physical distancing sa bansa, 13,882; mahigit 1,700 po ang nakasuhan natin sa korte.

[Next slide, please.]

Mula naman pong buwan ng Mayo hanggang ngayong buwan ng Hunyo, may mga naitala tayong ilang insidente ng tinatawag nating superspread event sa NCR, Central Luzon, Western Visayas, at Central Visayas. Agad naman natin itong inaksyunan at inimbestigahan at makikita natin sa matrix ang datos o status ng mga kasong isinampa laban sa mga opisyal ng barangay na responsible sa pagkaka --- na sa magkakahiwalay na insidente ng paglabag sa public health and safety protocols.

Sa inyo pong pag-uutos na kasuhan natin ang mga barangay officials, anim po ang nakita natin dito at nakasuhan. Ito po 'yong mga superspread event: Gubat sa Ciudad incident, Barangay 171 sa Caloocan City; Recreational Resort and Pool Operations sa San Jose, Navotas City; ang boxing match dito sa Tondo, Manila, Barangay 181 at 182 sa Gagalangin, Tondo; ang Bakas River incident sa Barangay Matictic, Norzagaray, Bulacan; sa Barangay Balabag, Boracay Island; at Barangay Sambiray, Malay, incident; at ang Club Holic Bar and Restaurant sa Cebu City, sa Barangay Kamputhaw, Cebu.

[Next slide, please.]

Patuloy po ang preparasyong ginagawa ng ating LGUs sa paparating na mga bakuna ngayong buwan ng Hunyo. Alinsunod sa national vaccination program, nasa 29,384 na ang nagmamando sa emergency operation center sa buong Pilipinas, habang umabot na ng 36,037 ang nasa barangay health emergency response teams. Nasa 34,046 na katao ang kumikilos upang siguruhi ang pagsunod ng ating mamamayan sa iba't ibang protocols for management of COVID infections, habang nasa 28,210 ang masigasig nating personnel sa iba't ibang quarantine facilities sa bansa.

[Next slide, please. Paki balik, paki balik, paki balik.]

Sa vaccination monitoring system, bahagi ng paghahandang ginagawa ng LGU sa national vaccination program ay ang pagsisigurado na may sapat na vaccination centers para sa ating mga mamamayan pati na ang cold chain storage facilities at transportation para sa mga vials ng bakuna na ating ibibigay.

Sa ngayon, may 2,536 na vaccination centers na ang nagagamit ng mga LGU. May 1,676 na cold storage facilities ang ginagamit ng ating vaccination team sa ngayon at may nakita pa tayong 134 na facilities na maaari pa nating gamitin.

Sa transportasyon, nasa 3,496 ang mga sasakyang panglupa; may 68 naman ang sasakyang panghimpapawid at 380 sasakyang pandagat ang nakahanda at maaari nating gamitin sa paghahatid ng libo-libong vials ng vaccines na ating natatanggap.

[Next slide.]

Sa atin pong anti-illegal drug campaign, sa datos na nakalap ng ating Pambansang Kapulisan, may naitalang 10 mga drug personalities ang kusang sumuko sa awtoridad mula 30 ng Mayo hanggang 5 ng Hunyo sa taong ito. Sa mga araw ding ito, umabot sa 1,129 ang ginawang anti-illegal drug operations ng ating mga kapulisan at iba pang mga ahensya.

Sa anti-illegal drug operations na ito, mayroong naitalang 1,509 na mga drug personalities na naaresto habang anim na personalidad naman ang naitalang namatay. Sa kabuuhan po ay 122,622,379 na piso ang nakumpiskang shabu at marijuana ng ating mga awtoridad.

Bilang pagtatapos po, muling tinatawagan natin ang ating mga kababayan na sumunod sa preventive measures, sa minimum health standard upang maiwasan ang transmission. Pero kailangang magpabakuna na tayo upang tayo ay makabalik sa normalidad at mabukas natin nang todo ang ating

ekonomiya. Ngayon ang panahon ng pagbabakuna at tinatawagan natin ang ating LGUs na muli magbigay ng fast lane, green lane, or express lane sa ating mga A1, A2, A3, habang nagbabakuna na rin tayo ng **mga** A4.

Iyon lang po, Mahal na Pangulo. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Secretary Galvez?

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR

CARLITO GALVEZ JR.: Yes, sir. Mr. President; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members, on behalf of the National Task Force, headed by Secretary Lorenzana and Secretary Año, I will brief the President and the people on the updates of the national vaccination program.

[Next slide, please. Please show me, sir. Next slide, please.]

Sir, these are the significant updates for this week. Iyong atin pong vaccination po magkakaroon na po tayo ng 6 million mark on each administration this week. In fact, ngayong araw, sir, more or less na- breach po natin ang 6 million mark. And then mayroon tayong the Philippine reduced its 7-day moving average due to lack of supply but expected to rebound this week with impending deliveries of 10 million doses this June.

So mayroon po tayong impending deliveries ng June, so bumaba po ang ating average vaccination considering that 'yong ating delivery po noong last week ng May at saka po 'yong first week of June ay naantala po. So nagkaroon lang po ng delivery this June 6, kahapon lang po. But the good news is that the COVAX and GAVI remained focus and committed to inoculate at least 30 percent of the global populace.

So makikita po natin 'yong COVAX and GAVI noong nagkaroon po tayo ng meeting na ito po ay in-administer ng ano ng Japan ay marami po silang matatawag na commitment na at least to inoculate 30 percent of the global populace. At nakita po natin na, Mahal na Presidente, since noong May, mayroon po tayong 2.2 million na COVAX volume. Ngayon po dinagdagan po nila na magiging 4.2 million deliveries this month at mamaya po ipre-present ko po 'yong details.

And then also magkakaroon na po tayo ng mga Supply Agreements, particularly po ang talagang pinapa-finalize po namin 'yong Supply Agreement

with Pfizer kasi pagka po nakuha po natin 'yon, 40 million po ang ide-deliver po nila. More or less 15 million po ang made-deliver ng ano ng third quarter and the remaining will be on the fourth quarter. Malaki pong tulong po sa atin 'yon.

And then ito pong pinag-aaralan po natin 'yong at least three vaccines can be used for pediatric vaccination. Mamaya po ipakikita po natin 'yong tatlong brand na mayroon po na silang advanced trial at mayroon pang 11 brands na trying to ano to have their trial for the pediatric vaccination. Ito po talaga pagpe-prepare natin para 'pag opening po ng mga classes at nakikita po natin na malaki pong sizeable amount 'yong ating pediatric populations na humigit-kumulang na 29 million.

And then 'yon nga po 'yong magandang balita na in-open na po natin 'yong A4 and then later pagka dumating po 'yong COVAX natin na 4.2 million, puwede na po tayong mag-ungos nang kaunti po doon sa A5 this month.

[Next slide, please.]

So ito po 'yong mga balita na 'yong Moderna mayroon po silang ginagawang clinical trial for ages 12 to 17. And then kahapon po, ang Sinovac ay naglabas po ng magandang balita na China has already approved for emergency use of Sinovac from 3 years old to 17 years old. And then sa UK, inaprubahan na po na 'yong Pfizer ay magamit po sa 12 to 15 and I believe the US is also using Pfizer for 12 years old and above.

[Next slide po.]

So ito po nagsimula na po tayo ng vaccination ng ating A4, noong last week nagkaroon na po tayo ng mass vaccination sa A4. Iyong lahat po ng ating mga government units at saka agencies katulad po ng Coast Guard, Bureau of Immigration, 'yong DOTr, at saka 'yong ating One-Stop Shop ay nagkaroon na po ng vaccination.

And then kanina nagkaroon tayo ng mga representation ng symbolic vaccination for our A4 kasama po dito 'yong ating mga frontline workers, nakita po natin 'yong mga teachers and even 'yong mga economic frontliners and government workers.

[Next slide, please.]

So ito po ang detail ng ating total vaccines administered as of yesterday. So nakita po natin na mayroon na po tayo na 1,39[8],710 na na-vaccinate na po na A1 or representing 93 percent; at ang ating totally vaccinated na A1 or sa healthcare workers representing 55 percent, 'yong 827,089; Sa A2 po mayroon po tayong 1.5 million; at sa A3 mayroon po tayong 1.4 million for a total of first dose vaccinee na 4.3 million; at ang ating second dose, fully protected, is 1.5 million for a total of almost 6 million.

Sa ngayon po, mayroon na po tayong more or less 3,850 na vaccination site. Ito po kasama po ang LGU at saka 'yong mga private sector and also 'yong mga different hospitals.

Sa ngayon po, mayroon na po tayong 9, 329,050 na total vaccines received at mayroon pa po tayong 3,363,399 doses na nasa inventory na hindi pa po nagagamit para po ito sa second dose at saka mga mangilan-ngilan sa first dose.

[Next slide, please.]

Sir, ito po ang schedule ng ating doses at saka vaccines na to be upcoming this coming June and July. So sa June po natanggap na po natin ang 1 million delivery ng Sinovac. And then sa Sputnik, mag-uusap po kami bukas at titingnan po natin kung made-deliver ng June 9 'yong 100,000. We are negotiating to have them delivered 'yong 1 million.

Then sa Sinovac, definite na po na darating po ang another 1 million sa June 10 and another 1 million sa June 17. We are requesting na sa June 17 dagdagan po ng another 1 million or 500,000 para at least mapagamit po sa ating mga A4 at saka mga sa business sector. At nakikita po natin ang Sinovac mayroon pa siyang remaining 2.5 million doses to be delivered on the fourth week or the last week of June.

Ang Pfizer po galing sa COVAX ay magbibigay po ng 2,280,000 doses; and then ang Moderna, 'yong nabili po natin kasama po ang private sector 250,000 ay made-deliver po ng June 21; iyong AstraZeneca through COVAX na 2,028, 000 ay magde-deliver naman po third or fourth week, so a total of 11,058,000 doses for June. Ito po 'yong expected po natin, Mr. President, kung sana, awa ng Diyos, wala pong ma-delay po dito.

Sa July 21 naman po, steady po na mayroon po tayong 4.5 million sa Sinovac. Ang Moderna dadagdagan po nila na magiging 1 million. And then sa AstraZeneca, 'yong private sector ng Go Negosyo at saka 'yong ibang conglomerates, 30 conglomerates, matatanggap na po nila 'yong first dose nila ng delivery na 1.1 --- 1,170,000 doses.

Then sa Sputnik, we are negotiating for another 1 million. And we are expecting sa COVAX na mame-maintain po 'yong 3 to 4 million doses for a total of more or less 10 million.

Sa August po, Mr. President, more or less kung magkakaroon po tayo ng ating negotiation sa Pfizer, aabot po ng 17 million ang ating delivery this coming August.

Iyon lang po, mahal na Presidente, at marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Galvez. Secretary Lorenzana, would you like to say something?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Yes, Mr. President, good evening po. Dalawang ulat lang po ito ang ating minamanmanan.

For the information of the President, 'yon pong ating mga iniuwing mga Pilipino na galing sa Sabah na inumpisahan natin noong July 2020, nagkaroon po tayo ng walang biyahe po ng mga barko na galing doon papunta dito sa Zamboanga. Iyong pinakahuli po ay dumating noong 22 May na ang laman ay 4,000 --- 496. Ang kabuuhan po ng dumating na na mga Pilipino mula sa Sabah ay 3,132. Mayroon pa pong mga humigit-kumulang na 4,000 na naghihintay na umuwi dito sa Pilipinas.

Doon po naman sa OFWs, umabot na po sa 569,159 ang dumating po na galing sa ibang bansa na 'yong mga OFWs na umuuwi na dahil sila ay natanggal sa trabaho o hindi kaya ay nagbabakasyon po dito.

Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Si --- si Dr. Domingo, you have a report?

FDA CHIEF ERIC DOMINGO: Mr. President, as of this week, may nadagdag po 'no na isang vaccine na na-approve sa buong mundo. Sa ngayon po, 17 na 'yong approved vaccines being used all over the world dahil last week po may isang bagong vaccine from Japan na na-approve sa Japan, mRNA vaccine po ito 'no similar to Pfizer and Moderna and it's being made by the company Takeda. So sana --- baka isa pong bakuna rin na maaari nating magamit in the future.

And then lastly lang po just to update you, noong May 20, si Secretary Duque wrote FDA that they were ano, willing to accept donations for Sinopharm coming from China and this has been granted an EUL already by the WHO.

So ito po ay tiningnan na rin ng ating mga experts at ng atin pong evaluation sa FDA. And today, we already granted an emergency use authorization to DOH to accept the donations of Sinopharm.

So doon po sa mga inaabangan po natin na mga bakuna, as of now, 'yong Novavax, 'yan na lang po ang wala pang application sa atin at baka daw po kasi baka mga third quarter pa po sila mag-a-apply ng mga EUA.

Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Nograles.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maraming salamat. Maayong gabii kanimo (good evening to you), Mr. President; Senator Bong Go; mga kasamahan natin sa Gabinete.

Mr. President, isa sa mga binabantayan po natin apart from sa COVID-19 ay 'yong aspeto po at 'yong problema ng kagutuman lalong-lalo na sa panahon ng pandemya at sa panahon na nagkakaroon tayo ng mga typhoons at ibang mga kalamidad.

So isa sa mga binabantayan natin, Mr. President, ay 'yong sustainability ng ating mga food systems, 'yong resiliency at stability in times of calamities and emergencies.

So ire-report ko, Mr. President, 'yong mga nagawa na natin na mga programa kontra kagutuman pagdating ng problema ng gutom sa mga panahon ng pandemya at kalamidad.

Isa nga po dito 'yong sustainable livelihood program na ginagawa po ng Department of Social Welfare and Development dito po sa pagbibigay ng livelihood sa mga mahirap natin na mga kababayan. Ito po 'yong SLP Cash for Building Livelihood Assets, pagbibigay ng livelihood sa mga mahihirap natin na mga kababayan.

Maliban pa po diyan, Mr. President, mayroon po tayong Assistance to Individuals in Crisis Situation or AICS. Nakapag-serve na po tayo ng 1,224,270 clients, which is actually more than the 877,444 target. Siguro dahil, of course, naintindihan natin sa panahon ng pandemya mas marami 'yong kailangan nating tulungan.

At 'yong calendar year 2020 ay we went over the target po, 139 percent above the target at naka-obligate po tayo ng 8,323, 943,779.

Nitong first quarter ng 2021 ay nakapag --- natulungan na po natin at nakapagserbisyo po tayo ng 688,950 clients gamit pa rin itong programang AICS, at ang na-obligate po nating amount is 2,161,202,758.

Iyong Department of Agriculture naman po ay mayroon silang PAG-AHON Project, which stands for "Sa Palay at Gulay, may Ani, Hanapbuhay, Oportunidad, at Nutrisyon." Ito po mayroon silang model project na sa adopt-a-town, 9.5 hectares showcasing crop diversification na may

sustainable farming practices po at 'yan ay nakapagserbisyo po tayo ng 1,000 rice and vegetable farmers at at least 600 households doing backyard vegetable production.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Nograles. Sal, you have something to say to the Filipino people, I'm sure.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR

PANELO: Magandang gabi po, Ginoong Pangulo; mga kasama po natin sa Gabinete; at si Senador Christopher Lawrence Go.

Palagay ko po 'yong ating suliranin sa ngayon ay mukhang hindi naman nababago. Nandoon pa rin 'yong mga lumalabag sa ating mga health protocols at naroroon pa rin 'yong katanungan: Ano bang puwede nating gawin dito sa mga taong ito na talagang pilit na ipinagwawalang-bahala ang mga paalala, ang mga direktiba ng ating pamahalaan?

Noong una ko pong --- noong ako po'y unang nagbigay ng opinyon dito ay inilimita ko lamang sa reckless imprudence kung saan ang isang tao na magkamit ng isang --- o magsagawa ng isang hakbang na walang patumangga at hindi inaalintana 'yong maaaring maging resulta ng kanyang pagkilos na ito'y hahantong, halimbawa, sa isang maselan na sugat sa isang tao o kamatayan ay maaari pong usigin sa hukuman at ito ay papatak doon sa Artikulo 356 ng Revised Penal Code.

Mayroon pong puwede pang ihain laban doon sa mga lumalabag sa mga health protocols at ito po 'yong sa Re --- Kodigo Penal po natin under Article 151, mayroon ding sinasabi doon na 'yong resistance, disobedience **to** persons in authority or agents of persons in authority. Madali't sabi 'yon pong ayaw sumunod o tahasang talagang ayaw niyang sundin 'yong mga direktiba ng pamahalaan, sapagkat lahat po ng tao ay pinagpapalagay na alam nila ang batas at ang mga regulasyon.

At katunayan nga, paulit-ulit po ating pamahalaan, eh halos isang taon na 'yan mahigit na paulit-ulit na sinasabi natin na "ito ang health protocols, kailangan natin ipatupad ito at ito'y para sa kapakanan hindi lamang ng taong susunod nito, kung 'di sa kanyang mga kapwa tao rito."

Kung ito pong taong ito, despite the fact na alam na niya na nga ang ipinagbabawal ay ganoon pa rin ang gagawin niya, puwede po siyang idemandang pag-resist o hindi pagsunod sa mga persons in authority or doon sa mga agents of the persons in authority while in the performance of their duty.

Iyong pangatlo na puwede po nating gamitin ay 'yong mga lokal na ordinansa na ipinatutupad ng mga LGUs. At katunayan marami na po tayong mga local ordinances sa iba't ibang mga LGUs at gina --- nagamit na nga nila ito upang idemandang 'yong mga lumalabag.

Pang-apat, puwede po nating gamitin 'yong Republic Act 11332 at ito po 'yong Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events. And 'pag ito nga, halimbawa, kung kayo po'y alam niyo na nga mayroon kayong sakit ng coronavirus at hindi niyo ini-report ito, ay talagang lalabagin ninyo ang 11332. Eh ganoon din po 'yong mga taong dapat na nakakaalam at hindi rin nila ni-report, aba'y papasok din po rito sa batas na Republic 11332.

At maibalik ko po doon sa reckless imprudence, alam po ba ninyo na sa ating batas, 'pag 'yon pong, halimbawa, 'yong isang tao na alam niya na mayroon siyang sakit na coronavirus, alam niya, pumunta ho siya sa isang lugar na mayroong mga pagpupulong at 'yong kanyang sakit ay nailipat at nahawa sa isang tao, kung ilang tao at ito ay namatay, aba, ibang usapan ho 'yon.

Kasi 'yong una hong sitwasyon, hindi niya alam na may sakit siya, baka nahawa lang siya. Kaya 'yon puwede pong kung namatay ay papasok lamang 'yon sa homicide. Kung ito naman ay maselan na sugat o injury, magiging reckless imprudence resulting to serious physical injury or depende nga kung hindi naman serious, less serious.

Pero kung alam niya po, pumunta siya sa isang lugar, alam niyang may sakit siya ng coronavirus at nahawaan siya at namatay, ay 'yan po ay talagang sadyang pagpatay 'yan. Papasok po 'yan sa murder sapagkat intentional. Alam mo na ngang makakahawa ka, alam mo na 'pagka nahawaan ka, lalo na 'yong mga may sakit ng dati, mga comorbidity na tinatawag ay talagang 'yan ay sadyang pagpatay ang ginagawa mo at ika'y mananagot sa ating mga batas at kapangyarihan.

So 'yan pong apat na 'yan ay puwede po nating gamitin upang maging paalala sa kanila na hindi pupuwede na walang patumangga, hindi nila iniisip ang kaligtasan, hindi lamang ng kanilang mga sarili kung hindi ng kanilang mga kasamahan at kapwa tao. Iyon lamang po, Ginoong Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: Tama ka, Sal.

For as long as people do not honor the protocols prescribed by government, kung ayaw nilang sumunod, ayaw nilang maniwala, walang katapusang COVID because there are a million and 10. And iyong mga nababakunahan, palagay na natin you have reached the --- you have breached the 40 million mark.

Ganumpaman, iyong naiwan would also be in danger of contamination. Iyan ang problema diyan sa mga tao na hindi nakakaintindi ng --- hindi nakakaintindi pero ayaw sumunod.

And iyong sabi mo murder, although medyo malayo masyado sa isip ng tao 'yan, but it is possible. If he knows that he is sick with COVID-19 and he goes about nonchalant, papasyal-pasyal ka lang diyan, you are maybe if it is intentional, malayo 'yan pero it could be murder, sabi nga ni Sal; at kung hindi, iyang reckless imprudence would really mas swak doon sa sitwasyon na 'yon.

Well, anyway, as we go along in this journey reading the pandemic from our country, we will adopt measures that would be commensurate to the gravity of the situation. Ako, ayaw kong mag-ano pero, well, 'pag ayaw talaga ninyong sumunod at mahaba, kagaya ng Mindanao --- Mindanao then Bacolod and Cagayan de Oro, nakita ko talaga, I passed the place while going home to Mindanao, na ang mga tao balewala, parang walang nangyari, parang walang sakit, parang walang --- basta pasyal nang pasyal. They go about their daily business, though not intentional of harming other people, but consciously having the COVID-19 in their bodies, at alam mo 'yan at you do not honor the protocols, iyan magkakaproblema ka. We might calibrate our response to the intransigence that you will show.

Depende sa ano ninyo. Kung talagang ayaw ninyong sumunod, then we can go into marami, marami. I... I could... Ayaw ko lang sabihin but we have the power to control it actually kung ginusto lang namin pahirapan ang tao.

Any other question? Any additional information? Kapag wala, papasalamat ako sa sambayanang Pilipino for their patience and to listen to what we are saying here.

The truth is here. Dito ang totoo. Nandito ang totoo kasi sabi ko walang obligasyon kaming magsinungaling. Ang amin is magtrabajo, magsabi ng

totoo. Wala kaming agenda, wala kaming plano kung ano. Basta amin, trabaho lang, and hanggang sa katapanan ng araw ng aming pagtatrabaho sa gobyerno.

Salamat po. *[applause]*

--- **END** ---